



Lalawigan ng  
san diego

# mga automotive fluid

## Gawin Nating Lahat ang Ating Bahagi!



Karamihan sa mga residente ay nagmamalasakit na mapanatiling malinis ang ating mga daanan ng tubig. Sa katunayan, ipinapakita ng mga survey na isinagawa sa buong Lalawigan ng San Diego na **mahigit sa 50% ng mga residente** ang naniniwala na direktang nakakaapekto sa kanila at sa kanilang mga pamilya ang polusyon sa ating mga dagat, lawa, at sapa.

### **Nandito Kami Para Tumulong.**

Ang langis at iba pang nakakalasang mga automotive fluid (langis na ginagamit para sa sasakyan) na napupunta sa kalsada at mga gutter ay maaaring makapasok sa mga sistema ng storm drain at direktang mapunta sa mga daanan ng tubig nang hindi nalilinis. Ang **Programang Pangangalaga sa Watershed ng Lalawigan ng San Diego** ay sumusuporta sa mga pagsisikap ng mga negosyo para maiwasan ang polusyon sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga mahahalagang **tip para hindi makapasok ang mga automotive fluid sa storm drain**, kung saan ang mga ito ay magiging pangunahing sanhi ng polusyon at alalahanin para sa kalusugan ng publiko.



Ang tubig na pinapakawala sa mga kalsada, gutter, at mga storm drain sa Lalawigan ng San Diego ay **HINDI PA NALINIS** bago ito makarating sa ating mga lokal na sapa, ilog, at sa karagatan. Ang lahat ng pinagmumulan ng polusyon, kabilang ang mga automotive fluid, ay pinagbabawalang makaalis sa inyong pag-aari at mapunta sa mga kalsada o storm drain. Tubig-ulan lang ang pinapayagan sa mga kalsada at mga storm drain.

### **Ano ang Maaari Ninyong Gawin para Panatilihin Malinis ang Ating mga Daanan ng Tubig?**

- **Suriin ang mga sasakyan** kung may mga tagas ng fluid at ayusin ang mga ito kaagad hangga't maaari.
- **Maglagay ng mga tray na patuluan** sa ilalim ng mga sasakyan para masalo ang mga fluid.
- **Magwalis o gumamit ng mga sumisipsip na materyal** (tulad ng kitty litter) sa halip na tubig para linisin ang mga lugar na pinagtatrabahuhan at ang mga tapon.
- **Dalhin ang mga ginamit na langis, antifreeze**, at iba pang mapanganib na basura sa bahay, sa pasilidad ng koleksyon. Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa 1-877-R-1-EARTH (1-877-713-2784).

**Salamat sa pagggawa ng inyong bahagi para pangalagaan ang ating mga daanan ng tubig.**

**Tumawag sa Amin para sa mas Maraming Impormasyon.**

**1-888-846-0800**

watersheds@sdcounty.ca.gov

www.sandiegocounty.gov/stormwater